

1

February 16, 2002

Dear Prince,

Nasaan ka na? Nakita na kaya kita? O makikita pa?

Siyanga pala, may apat na taon na kitang sinusulatan. Minsan, hindi na ako nagmemerienda kasi ipinambibili ko ng stationery ang perang paggagastusan ko para sa pagkain. Oops! Huwag kang mag-alala, mura lang naman, eh. 'Tapos naisip ko, sinusulatan kita sa Tagalog, nakakaintindi ka kaya ng Tagalog?

Naku! Oo naman sana! Kung foreigner ka, dapat mag-aral ka para maintindihan mo, 'no!

Siyanga pala, ngayong araw ay sasamahan ako ni Monty para mag-inquire sa iilang kolehiyo. Naikukuwento ko na siya sa iyo paminsan-minsan; siya 'yung galunggong kung best friend, kaya huwag kang magseselos, ha? Magka-college na ako. Hindi naman kailangang mag-aral ako sa isang sosyal na eskuwelahan, 'yung kaya lang nina Nanay na gastusan ang tuition fee.

Alam mo naman, mataas na ang presyo ng harina, baka mamahalan na rin ang mga customers sa pandesal namin sa bakery. Ano kaya ang kukunin kong kurso? Wala naman akong hilig, eh, maliban sa kumain ng mga tinapay sa bakery, panonood ng pelikula at pagbabasa. Siguro teacher, swak na 'yun. Mahilig rin akong magbasa, ano sa tingin mo? Kukuha kaya ako ng Literature? AB English? Ano sa

“Palaka!” Halos mapalundag si Mia nang may biglang lumanding na ipis sa papel niya. Nang lumingon siya, nakatayo ang isang binatilyo sa gilid niya habang malokong nakangisi ito.

“Monty!” Pinandilatan niya ang kaibigan.

“Plastic 'to!” Nangingiting umupo ang bagong dating sa mahabang barandilya ng terasa ng may kalumaang bahay ng pamilya ni Mia at inabot ang ipis na fake lamang pala, eksaktong nadapuan nito ng tingin ang stationery. Bago pa man niya mahablut ang kapisasong papel ay madalian nang nakuha iyon ng kausap.

Nagniningning ang mga matang sinuyod nito ng tingin ang papel. “*Dear Prince...*” basa nito na may

panunukos sa himig, “*Nasaan ka na? Nakita na kaya kita—*”

“Akin na nga ’yan!” himagsik niya. “Bawal basahin ’to, kasi para lang ito sa Prince Charming ko, okay?”

“Ang arte!” pagtatampo sa kanya ng kaharap. “Mia, ikaw ang pinakakorning babae sa balat ng lupa!” Tumawa ito.

Rumolyo ang kanyang mga mata. Walang palya niya itong ginagawa, isang kapisasong stationery bawat isang linggo na isinisilid niya sa envelope at tinatago sa isang malaking karton sa tokador niya. May ilang daan na rin siyang sulat para sa isang di-kilalang tao na alam niyang darating din sa buhay niya, ang kanyang prinsipe.

Tawagin man siyang baliw o hopeless romantic, wala na siyang pakialam. Ang mahalaga ay maipahayag niya ang damdamin para sa lalaking alam niyang magpapatibok ng kanyang puso, ang lalaking magpapabago ng buhay niya, ang lalaking nakatadhana para sa kanya. Nais niyang malaman nito na matagal na niya itong hinihintay, na araw-araw ay nakatago at nakalaan lamang ang pag-ibig niya para rito.

Natigil ang pagmumuni-muni ni Mia nang

marinig ang malutong na tawa ng kaharap.

“Ano kaya, kung ako pala ’yung sinusulatan mo?” inosenteng pahayag nito.

“Ano!” gimbali na sabi niya. “Naloloko ka na ba? Halos nabasa mo na ’yung mga sulat ko, ah!” Madalas kasi itong sumusulpot sa eksena kung saan nagsusulat siya. Tatal, best friends sila kaya hinahayaan niya minsan na basahin nito ang ilang parte ng sulat niya, ngunit kaagad naman niyang hinahablol iyon kapag nagsisimula na itong tumawa.

“Ang OA mo!” ingos ni Monty. “Hypothetical lang naman.” Muli ay natawa ito nang mapansing umasim ang ekspresyon sa mukha niya. “I mean, come on, Mia! Paano kung ako pala?”

“Magpapakamatay ako! Magbibigti! Tatalon sa fiftieth floor! Kung ikaw pala ang prinsipal ko?” Dinuro niya ang sadista niyang kaibigan. “No way!”

Lalo itong napahaglak ng tawa. Nanggagala ito na kukurutin sana niya ang kausap ngunit mabilis itong nakailag.

“Magbihis ka na! Ang dami mong satsat!” sa halip ay turan nito. Hinawakan nito ang kanyang braso at mabilis siyang iginiya sa loob ng kuwarto niya.

“Magbabayad ka, Monty! 'Kita mo, may prinsipeng darating na napakaguwapo, masasapawan ka niya!” madilim niyang sambit.

Nasa loob na siya ng kuwarto nila ngunit patuloy pa rin ang iringan nila ni Monty. Tinupi niya ang stationery at pansamantalang nilagak muna iyon sa drawer niya.

“Inindyan kasi ako nina Carla at Mayet, sila dapat ang kasama ko. Tatal naman, gusto kong makiangkas sa bago mong motor, 'yung motor mong cheap—”

“Makikiangkas ka na nga lang, manlalait ka pa!” malakas nitong tugon sa labas.

“Joke lang! Sosyal nga, eh!” ngiti niya habang mabilisang sinusuklay ang buhok. Simpleng navy blue jeans at mahabang peach t-shirt na ipinares sa kanyang loafers ang get-up niya. May bigla siyang naalala. Iniisip niya iyon habang naglalampaso sa kusina kanina.

Sino kaya ang i-escort ni Monty sa seniors' ball nila? Sana siya na lang. Wala na kasi siyang masip na iba. Isa pa, nangako ang kaibigan noong third year sila na kung wala siyang partner, ito na lang daw.

“Monty! Sino'ng plano mong partner sa ball?” tanong niya. Nang buksan na niya ang pinto wala

na ni anino ng lalaki sa labas. Sa halip, narinig niya ang tawanan sa sala. Tinawid niya ang hagdanan at natambad sa kanya ang bulto ng kanyang ama. Nakaraang taon noon nang magkasakit ito sa atay at na-confine nang ilang linggo sa hospital. Pumayat ito nang sobra, mahilig kasi itong uminom. Ngayon, namamahinga na lang ito sa bahay dahil nanghihina pa rin at pinaiinom ng ukol na gamot.

“O, Mia, nand’yan ka na pala. Magmerienda muna kayo nitong si Raymond bago kayo lumakad.”

Raymond ang buong pangalan ni Monty, palayaw lamang nito ang ‘Monty’ mula sa kanya, ‘Mon’ lang ang kalimitang tawag dito ng iba nilang mga kaklase.

“Ito palang si Monty ay mag-aaral sa *UST*, kukuha ng Music at Guitar ang planong i-major. Ewan ko ba sa batang ito, mukhang sa pagbabanda ’ata mapupunta, eh,” patuloy ni Mr. Fernandez. Hindi maarok ni Mia kung may tuwa ba sa tinig nito. “Mukhang nagmana ’ata sa ’kin, ah.” Miyembro kasi ito ng sinaunang banda.

Napaling ang mukha niya sa kaibigan. *Nge! Hindi nga?* sa isip niya.

The Sweethearts ang pangalan ng banda ng Papa Mito niya; ito ang drummer. May isang kanta ang

mga ito na pinamagatang *The Heartbreaker* at umere sa radyo noong 1970s na hindi masyadong nag-hit. Natigil sa pag-awit ang banda nang umalis patungong Amerika ang vocalist ng grupo.

Dahil babaero ang kanyang ama noon, nalustay rin nito ang kaunting ipon mula sa banda. Hindi ito mayaman kaya kung saan-saan na lamang ito namasukan. Hanggang sa mapadpad ito sa bayan ng Esteban at namasukan sa bagong tayong bakery ng pamilya ng mama niya noon, ang *Ligaya Bakeshoppe*.

“Opo. Sa katunayan, gusto kong bumuo ng banda. Maghahanap pa lang ako ng miyembro, ’yung makakasundo ko talaga,” may siglang gatong ni Monty.

“Hija, kunin mo nga ’yung gitara ko. Nakatago doon sa gilid ng vase.” Excited na itinuro ng ginoo ang gitara nitong nakatabi sa dulo. “Ipaparinig ko sa batang ito ang kanta namin, ’yung *The Heartbreaker*.”

Napakunot-noo siya at napatayo. Pinunasan niya ng panyo ang mga daliri humawak sa tinapay. “Naku, Papa! Bibyahe pa po kami—”

“Sige na, Mia, gusto kong pakinggan ’yung kanta ng papa mo,” putol sa kanya ng mukhang excited ding binata.

Napaismid siya at tinahak ang lokasyon ng gitara. *Itong Monty na ito! Ni hindi man lang sinasabi sa 'kin na 'yun pala ang kurso niya! Papa ko pa ang una niyang sinabihan!* himutok niya sa sarili.

Nang bumalik siya sa sala, nakaupo na rin sa isang silya ang kanyang ina. “Anak, bakit hindi mo sinasabi sa 'king malapit na pala ang ball n'yo? Sinabi nitong si Monty ay sa makalawang linggo na iyon.”

Biglang namutla si Mia. Isa sa mga dahilan kaya hindi pa niya naikukuwento sa ina ay dahil wala pa siyang partner. Saglit niyang pinukulan ng matiim na tingin si Monty.

“W-wala pa po kasi akong escort...” mapakla niyang sambit.

Nakita niya ang paglingon ng ginang sa kanyang kaibigan, “Bakit hindi si Monty?” May kalituhan sa himig nito.

“Meron na ho akong inaya, Tita,” sabat ni Monty at nagkibit-balikat, “Si Jocelle po, 'yung muse namin,” anitong may pagmamalaki sa tono.

Nanlulumong ibinagsak ni Mia ang gitara sa paanan ng kanyang ama at nagpaalam na biglang sumakit ang tiyan. Mabilis siyang umaakyat sa hagdanan, isinarado ang pinto at tinungo ang kanyang

drawer. Kinuha niya mula roon ang stationery at ballpen.

Hindi niya alam kung bakit hindi na niya sinagot ang malalakas na katok sa pinto ng kuwarto niya. Umiiyak na ipinagpatuloy niya ang paggawa ng sulat.

“Mia! Mia!” malakas na habol sa kanya ni Monty sa canteen. Nahigop niya nang malakas mula sa straw ang natitirang laman ng soft drink na nasa botelya. Aktong aalis na sana siya sa lamesa nang bigla nitong mahablut ang braso niya. “Sorry na. Ano ba’ng ikinapuputok ng butse mo at hindi ka na namamansin?”

Hindi niya napansing mas mataas na pala nang ilang pulgada sa kanya ang kausap, kaya kailangan na niyang tingalain ito. Tumambad sa kanya ang nagsusumamo nitong mukha.

Guwapo si Monty, dahilan upang mahalal ito bilang ‘Prince Charming’ mula elementarya sa klase nila. Maputi ito at itim ang buhok. Maangas nga lang ang dating ng kaguwapuhan ng kaibigan. Madalas nga siyang mapahamak noon dahil hinaharangan siya ng mga ‘mean girls’ na miyembro ng fans club ni Monty sa gate ng eskuwela at ini-interrogate siya kung

bakit laging nakadikit sa kanya ang kababata niya.

Sinasabi niya noon ang katotohanan: na best friends sila. Nakakatanggap siya ng pagtaas ng mga kilay mula sa kanyang simpleng pahayag. Paano nga ba naman naging best friend ni Raymond Montecillo ang isang napaka-plain na babaeng katulad niya?

Sa lahat ng tao sa mundo, siya lang yata ang nakakaalam sa tunay na kulay ng lalaki; sadista ito... o baka sa kanya lang? Mayabang ito, babaero. Para sa kanya ay hindi ito ang kagalang-galang na prinsipal na dapat ibigin ng isang babaeng tunay na nagmamahal.

Isa pa, isa sa mga dahilan kaya pinapabasa niya rito ang ilan sa mga sulat pag nahuhuli siya nito ay dahil aminado siya na imposible talaga silang magkagustuhan o mas malala ay magkatuluyan.

Pinatunog ni Monty ang mga daliri, sanhi upang maputol ang pagtitig ni Mia rito. “Bingi ka ba? Dahil ba ’to sa hindi ako ang magiging escort mo? Alam mong nanliligaw na ’ko kay Jocelle, hindi ba? Mia naman...” Napakamot ito sa ulo.

“Nanliligaw...” naiinis niyang usal. “So, ’yun na lang, kakalimutan mo nang may ipinangako ka sa akin noong third year?”

“Whoa!” Napailing ito. “Third year pa ’yun, Mia!

Huwag ka na nga lang maarte, kinausap ko na si Lito kanina. Mamaya siguro'y lalapitan ka niya, may lihim siyang crush sa 'yo alam mo ba? Ayos! May partner ka na!" Itinaas nito ang kamay at umaktong makikipag-high five sa kanya.

Mas lalo siyang nanlumo, sa narinig. "Monty, hindi mo dapat ginawa 'yun..." *Hindi talaga nito ginagamit ang isip nito palagi!*

Napabuga ito ng hangin at ibinaba ang kamay. "Ano pa ba'ng gusto mo? Tinulungan na nga kita... teka nga, ba't ba tayo nag-aaway?" Pinagmasdan siya nito. "Mia, huwag mong sabihing nagseselos ka? May gusto ka sa 'kin?" urirat nito.

Napangiwi siya. *Aray ko po! Ano ba namang teoryang pumasok sa kukote ng Monty na ito!*

Dear Prince,

Iyun na nga, hindi ako pupunta ngayon ng seniors' ball. Hindi ko alam, pero akala ko kaya ko naman. Sinabi ko sa sarili kong hindi ako malulungkot. Pero nalulungkot talaga ako, nalulungkot ako dahil wala ka, dahil hindi pa kita nakikita.

Kung sana'y nandito ka, may partner ako. Magsusuot ako ng magandang gown at magsasayaw tayo sa malawak na dance floor, magsasayaw tayo hanggang

“Psst! Psst!”

Napalinga-linga si Mia at napakunot-noo. Sinong nilalang ang naninitsit sa kanya? Mas lumakas ngayon ang pagsitsit na iyon, at natunugan na niya ngayon ang pamilyar na timbre ng boses. Muli niyang inilinga-linga ang mukha hanggang madako ang kanyang mga mata sa paarkong bintana niya. Itinabi niya ang kurtina.

“Ay, palaka!” Nagimbal siya nang matambad sa kanyang harapan ang bultong iyon na nakaupo sa malaking sanga ng puno ng mangga. Madilim na at nakasuot pa ito ng itim na tuxedo kaya ang buong akala niya ay kapre na ang nakita niya. “Monty? Ano’ng ginagawa mo diyan?”

“Sinusundo ka. Bilis, may twenty minutes ka pa para magbihis, ’tapos may fifteen minutes pa tayong biyahe papuntang school. Sabay tayong pupunta sa ball.”

Halos malaglag ang panga niya. “Excuse me!

P'wede bang introduction muna bago body of the letter, Raymond?"

"Whoa! Raymond? 'Raymond' na'ng tawag mo sa 'kin, ha! Nagbago ka na talaga! Pinagselos lang kita—"

Binitiwang niya ang kurtina upang muli niyang takpan ang bintana.

"Hoy, Mia!" sigaw nito. "Masama ang pakiramdam ni Jocelle, wala akong partner. Saka gusto mo naman talagang pumunta ng ball, hindi ba? Sabay na tayo, please?"

"Pumunta kang mag-isa mo!" asik niya.

"Sige na, please? Isipin mo na lang na kindergarten tayo ngayon, 'tapos tumatawid ako sa—"

Hindi na naipagpatuloy ng binata ang sasabihin dahil mabilis niyang naitabi muli ang kurtina upang makita ito. Nasabi na nito ang 'magic words'.

2

Patiyad siyang lumabas ng malaking pinto ng bahay nila at marahan niyang isinara iyon. Malapit nang mag-alas ocho ngunit tahimik na ang bahay nila

“Ang tagal naman! Nag-makeup ka pa, hindi ka naman magiging ball queen!” angal ni Monty.

Mabilis niya itong naglapitan at pinarusahan sa pamamagitan ng pagkurot sa balikat nito. “Tse! Best friend ba talaga kita?”

“Oo naman! Biro lang. Actually, maganda nga, cute!” matipid nitong bawi.

Muling tiningnan ni Mia ang kanyang suot; knee-length white strapless lace cocktail dress iyon, may pagka-vintage ang disenyo at tamang-tama lang ang hapit sa katawan niya. Tinernuhan niya iyon ng puting sandals na hindi kataasan ang takong. Mabilisang light makeup lang ang ginawa niya na bumagay sa morena niyang balat. Nilugay lang niya ang hanggang balikat na medyo wavy niyang buhok at inayos nang kaunti ang kanyang bangs niya.

Nang itaas niya ang mukha, napansin niyang nakapako pa rin ang mga mata ni Monty sa kanya.

“Sinasabi ko na nga ba! Nagagandahan ka sa ’kin, eh!” tukso niya.

Pinandilatan siya nito. “Ako, ano’ng say mo?” Namaywang pa ito na tila ipinagmamalaki ang suot na tuxedo. Mabilis niya itong sinuri mula ulo hanggang paa. Nag-pose ito ng kung anu-anong wacky pose sa harap niya. Nang ituon na niya ang tingin sa mukha nito, may saglit na segundo na nagtama ang kanilang mga mata, nagningning ang mga iyon na natatanaw nila sa tulong ng dilaw na sodium light sa di-kalayuan.

Blangko ang naging tinginan nila, walang gumalaw, pero batid nilang parang may napanood lamang silang isang cartoon flick na kabisadung-kabisado na nila ang eksena. It was familiar, inosente lamang ang tinginan nilang iyon.

Walang spark! Hay, salamat naman! aniya sa sarili.

Napansin niya ang bike sa gilid ni Monty, si Vanz. Tuwing uwian, lagi siyang inaangkas nito at inihahatid sa bahay nila.

“O, saan na ’yung motor mo?”

“Nasa talyer pa. Nakuwento ko na sa ’yo noong nakaraang linggo. ’Yung pumasyal kami ni Jocelle sa

park, 'tapos biglang hindi na umandar. Natatandaan mo 'yon?"

Napatangu-tango na lang siya bilang pagsisinungaling na naalala niya ang insidenteng iyon. Pero bigla rin siyang napangiwi. "Ibig sabihin, 'yan ang sasakyan natin papuntang school?" aniyang nanlalaki ang mga mata.

"Oo, nakakapagod maglakad, 'tapos ayaw pang ipahiram ni Papa 'yung kotse niya. Tara na." Sumakay na ito sa bike at itinuro ang likuran. "Mia, sige na..." ngiti nito.

"Talaga?" Napailing-iling siya.

"Isipin mo na lang na ga-graduate na tayo, baka ito na ang huling angkas mo kay Vanz."

Si Monty talaga! Buti na lang at maikli lang itong suot ko!

Wala siyang nagawa kundi ang umupo sa likuran ng bike.

"Hawakan mo ako para hindi ka mahulog," utos nito.

Ikinawit niya ang dalawang braso sa baywang nito. Lihim na lamang siyang napangiti sa ayos nilang dalawa, isang lalaking nakasuot ng tuxedo habang

pumapadyak ng bike at siya naman na pusturang-pustora ay angkas-bike lang ang level. Itinaas niya ang mukha at natuwa nang madiskubreng bilog ang buwan, kaya maliwanag ang daanan at may iilang bituing nagniningning. Nang umarangkada na ang bike sa malawak at tahimik na daan, dumapyo sa kanyang mukha ang sariwa at malamig na hangin.

Tuwing umaaksyong gumiwang ang bike ay napapatawa na lamang siya at hinahampas sa balikat ang binata. “Monty!” sigaw niya sa hangin.

“O, bakit?” tanong nito at napalingon sa kanya.

“Tiyak, magseselos ’yun pag nakita ’to,”aniya.

“Sino?” maang nito.

“Si Prince...” bulong niya sa hangin at napangiti.

Napailing lamang ang kausap at natatawang ibinalik ang pansin sa kalsada. Ang buong akala niya ay tutuksuhin siya nito ukol sa pagiging hopeless romantic niya, ngunit sa halip ay nahimigan niya itong sumisipol ng isang tono.

Natapos ang pagsipol nito at nilapatan na nito ng lyrics ang himig.

“When I go, would you cry? Will it hurt to stay

away from you, love? Would it break your heart..."

Napakunot siya. "Ano'ng title niyang kinakanta mo?"

"The Heartbreaker," tugon nito.

Napapikit na lamang siya at isinandal ang pisngi sa likod ni Monty habang matamang nakinig sa pag-awit nito.

Makalipas ang apat na taon...

Siksikan sa *MRT*, nakisiksik na rin siya pababa. Male-late na siya, alas nueve ng gabi ang pagsisimula ang kauna-unahang concert ng bandang *Starlight*., Naimbitahan lamang ang grupo para sa isang song number kasama ang sikat na pop singer ngayon na si Summer Dominguez. Hindi siya mahilig sa banda, ngunit kung miyembro na ang best friend niya, dadayuhin niya iyon makapanood lang ng performance nito. Lead guitarist si Monty ng banda.

May ilang buwan na ring hindi ito nakikita ni Mia. Paminsan-minsan na lamang ito kung mag-reply sa mga text messages niya. Huling kita nila ay noong September, sa debut ng kapatid ni Monty na si Rica. Naimbitahan siya nito, doon din nito ipinakilala ang

panibago nitong girlfriend na si Lily na mabilis niyang nakagaan ng loob.

Sa wakas, nakalabas na nga siya ng train at napasinghap siya ng hangin. Napahinto siya sa mabilis na paglalakad at may naalalang bigla. May nawawala yata, may libro siyang hawak kanina. Napangiwi siya. Babalik ba siyang muli sa loob? Baka may nakapulot niyon? Hiniram lang niya iyon sa kaibigan niya para sa book report nila. Patay!

Nakaipit din doon ang sinusulat niyang sulat kanina!

“Miss! Miss! Excuse me!” pigil ng isang baritonong boses. Sa tantya niya ay nasa likuran lang niya ito. Napapihit siya.

Unang natambad sa mga mata niya ang nakaawang na libro na idinikit ng estranghero sa mukha niya, *Message in a Bottle* ni Nicholas Sparks.

“Is this yours? Nakita kita kanina, hawak mo ’to. N’ung tumayo ka, naiwan mo ’to sa puwesto mo,” pahayag ng lalaki na medyo slang ang pananalita. Ibinaba na nito ang libro na maagap niyang inabot. Hindi niya mawari kung anghel ba ang nasa harapan niya ngayon, maamo at iba ang kislap ng mga matang iyon na inosenteng nakatuon sa kanya. Matangkad ito

nang ilang pulgada sa kanya, tamang-tama lamang ang pangangatawan sa suot na grey long-sleeved shirt. Maalon ang itim nitong buhok. Wari niya ay hindi ito purong Pilipino dahil mukha itong banyaga kung pagmamasdan maigi.

“Sa akin nga,” ngiti niya. “Hiniram ko lang ito... Salamat talaga!”

“Maganda ang kuwentong yan, somewhat cliché, but romantic...”

Napatango siya. “They’re destined. Sa dinami-dami ng babae sa mundo, siya ang nakapulot sa botelyang may laman ng sulat ni Garrett sa kanyang yumaong asawa. It was like fate brought them together...” Natigilan siya sa sinabi.

Ngumiti ito. “Can I ask you your name?”

Naramdaman ni Mia ang unti-unting pag-fade out ng lahat ng ingay, ang pag-slow motion ng lahat ng paggalaw ng tao. “Mia...” aniya na napalunok. “Mia Fernandez... I-ikaw?”

“Nice to meet you. I’m Prince, Prince Guevarra,” makahulugan nitong bigkas.

Animo may kumalabit sa bawat hibla ng puso niya nang marinig ang pangalan nito. May hangin na

dumapyo sa mukha niya at nagpagalaw sa mahaba niyang buhok. *Talaga bang narinig ko nang malinaw ang pangalan niya?*

Iniitsa ni Rob ang canned soft drink sa gawi ni Monty na animo lightning flash naman niyang nasalo.

“Kinakabahan ka?” puna niya sa bokalista nila na ibinuga na ang usok mula sa hinihithit nitong sigarilyo, ganoon ito pag kabado. Mas maliit ito nang dalawang pulgada sa kanya ngunit mas maputi. May hitsura rin ito at maganda ang husky nitong boses. “Nakita ko kayo ni Summer kanina sa labas ng dressing room niya. Huwag mong sabihing may namamagitan sa inyo?” May sumilay na ngiti sa mga labi niya bilang panunudyo.

Napangisi ang kausap. “Kakilala ko si Summer, she’s a family friend. Kaya nga tayo nasali sa concert niya. At least, malaki-laking raket na ito, Pare.” Tumayo ito at mukhang kinakabahan nga kaya napalabas na sa dressing room na iyon.

Natatawang napailing siya.

May apat na taon na ang nagdaan magmula nang mabuo ang grupo nila na pinangunahan noon ni Rob. Kaklase niya ito sa kanyang Music major

habang kabarkada naman nito ang Fine Arts student na si Borgy na may angking kakayahan sa drums. Kasama nila sa Music department si Tara na siyang kasalukuyang pianista ng grupo. Ang ikalawang gitarista na si Vince ay kapatid ni Rob.

Muntik pa nga siyang tumigil noong sila ay nasa ikalawang taon sa banda, noong mamatay ang kanyang ina, pero naging sandalan din niya kinalaunan ang musika.

Ang simpleng pag-hang out at pag-jamming noon sa apartment nina Rob at Vince ay nauwi sa seryosohan nang maisipan na nilang pangalanan ang grupo. *Starlight* nga ang naisip ni Tara, na sinang-ayunan naman nila. Madali lamang maalala ang salita, it was a dreamy and shining symbol na swak sa kanilang grupo.

Noong una ay tumutugtog lamang sila kung may activities at events sa kolehiyo. Minsan ay naimbitahan silang tumugtog sa isang bar na kalapit lamang ng kolehiyo at pagmamay-ari ng kaibigan ng mga magulang ni Borgy. Ang kanilang pagtutugtog noong una ay tuwing gusto lamang nila at kapag may free time sa eskuwela. Ngunit nang dumami ang customers ng bar sa tuwing gig nila, nakiusap ang may-ari kung maaari silang i-hire bilang regular

performers.

Nakaraang taon noon nang matapos ang normal session nila sa bar nang isang lalaki ang lumapit sa kanila at binigyan sila ng business card. Si Sir Floyd, may koneksyon daw ito sa *Guevarra Recording Company*, ang baguhan ngunit umuusbong at gumagawa ng ingay na recording company ngayon sa bansa.

Isang araw, natagpuan na lamang nila ang mga sariling nasa loob na ng recording room ng kompanya. Pumirma sila ng kontrata at nabigyan ng pagkakatang makapag-produce ng isang album. Simula noong nakaraang buwan, dumadami na ang nang-iimbita sa kanila ng gigs. At dahil may koneksyon si Rob sa mang-aawit na si Summer, nagulat na lamang sila nang maimbitahan sa kauna-unahang concert ng babae.

Napapihit sa salamin si Monty at nasilip niya mula sa gilid ang paghahalikan ng drummer nilang si Borgy at ang pianista nilang si Tara. Napadausdos ang dalawa sa sofa at nagtatawanang ipinagpatuloy ang ginagawa.

Inayos niya ang itim na leather jacket na get-up ng banda nila, pinaresan niya iyon ng brown pants at *Adidas* sneakers. Naka-gel ang buhok niya.

Inilagay niya ang wala nang lamang lata ng Coke sa lamesa ng dressing room at inabot ang itim na gitara na nakatayo sa gilid. Ilang minuto na lamang ay magsisimula na ang concert.

Inilapag niya ang gitara sa nakade-kuwatrong hita niya at mahinang kinalabit ang mga kuwerdas niyon. Unti-unting pumailanlang ang napakapamilyar na himig.

“Oh my!” Napatayo si Tara at kahit nakabukas pa ang blusa ay napatakbo sa likuran niya at napayakap sa kanya. Napapitlag siya. “Happy Birthday!”

Nakalingkis pa rin ang braso nito sa leeg niya nang bumukas ang pinto ng silid. Si Vince iyon, kinakamot ang magulong buhok habang nakasunod dito ang kumakaway na si Mia.

“Monty!” Halos mabigtian ng hininga ang kaibigan nang isigaw, “Nakita ko na ang prinsipe ko!”

Napapihit si Monty at inilapag sa gilid ang gitara nang makita siya. “O, ba’t sumulpot ka?” pabiro nitong tanong.

“Tse! Nagtanong ka pa? In-invite mo ako, ’no! Nagyayabang ka na, sumikat ka lang, eh!” Napalinga

si Mia at napansin ang amused na pagmasid sa kanila ng mga kasamahan ng kaibigan. Maging ang babaeng nakayakap dito kanina ay napaupo na ulit sa sofa. Napangiti siya at may dinukot sa bag niya, isang nakabalot na maliit na regalo. “Happy Birthday! Matanda ka na, Best Friend. Na-surprise ka ba?” paglalalambing niya at iniabot dito ang regalo.

Napatikhim ito at nagulat na lamang siya nang maglabasan na ang tatlong kasama nila sa silid. Nagpaalam ang tatlo na hahanapin lang si Rob. Nagkatinginan sila ni Monty.

Inalog nito ang nakabalot niyang regalo at inilapit sa tainga. “Ano ba ’to? Pandesal? Wala yatang laman, wala akong marinig na ingay.”

Napatawa siya at dahil hindi na siguro makimkim ang emosyon ay napa-dive siya sa upuan ng binata. Mahigpit niya itong niyakap at ni hindi na napansing nakakandong pala siya rito. Gumanti naman ito ng yakap pero mabilis siyang nailayo.

“Mia, ’wag mo nga akong rape-in dito!” ngisi nito.

“Hindi!” Napailing-iling siya at inabot ang pisngi nito, bahagya iyong kinurot. “Monty, nakita ko na siya!” tili niya.

“S-sino?” kunot-noong tanong ng kaharap.

“Ang prinsipe ko! Si Prince! Prince rin ang pangalan niya, can you believe that?” Animo nakalutang siya sa alapaap nang sabihin iyon.

“Mia, naka-drugs ka ba?” Kiniliti siya nito sa kili-kili niya.

“Hindi! Hindi!” Natatawa siyang napailing, animo nalimutan na nilang dalawa na may concert na sasalihan ang lalaki. “Hindi nga! Teka!” Sa katatawa niya ay hindi na niya namalayan ang posisyon at sa kanyang pagliyad palayo ay mabilis siyang nahulog sa de-carpet na sahig. Kasabay ng pagtili at pagdausdos niya ay ang pagkapit niya sa leather jacket ni Monty. Pareho silang lumanding sa sahig.

Sa bilis ng pangyayari, naipikit na lamang niya ang mga mata. Malakas na katok at ang derechong pagbukas ng pinto ang nagpadilat sa kanya at nagpalaki sa kanyang mga mata. Ang apat na kabanda ni Monty!

Bago pa man niya maisipang itulak si Monty, mabilis na itong napatayo at iniabot ang kamay niya. Napatitig ito sa kanya, hindi niya maintindihan kung bakit biglang nag-init ang mga pisngi niya. Napayuko siya at mabilis na inabot ang kamay ng binata. Pinagpag niya ang maong pants at ni hindi makatingin sa mga kasamahan nito.

“M-magsisimula na daw, ikalawang number tayo, k-kaya mag-ready na daw...” pautal na sambit nito Tara na nakamaang sa kanilang dalawa.

“O, siya, tara na.” Mabilis na tinungo ni Monty ang gitara nito at sinulyapan siya. Nang muli niyang mabanaag ang mukha nito, nawala na ang matiim nitong tingin at bumalik ang inosenteng kinang ng mga mata at ang mapagbiro nitong ngiti. “Mia, manonood ka, hindi ba? P’wede ka sa gilid, kasama ni Sir Floyd.”

Marahan lamang siyang napatango. “S-sige...”

Ilang minuto pa ay natambad na sa kanya ang nakakalulang dami ng tao. Bumukas na ang ilaw at pumailanlang ang malakas na saliw ng musika. May pamilyar na boses na pumukaw at nagpatili sa buong venue. Napatili na rin siya at pansamantalang nalimutan ang napaka-‘weird’ na pangayayari kanina.

Suot ang napakataas at malaking kahel na gown, sumentro ang ilaw sa napakagandang mang-aawit na si Summer. Sinimulan na nito ang pag-awit ng panibago nitong hit dance song na pinamagatang *Move Your Heart*. Hiniklas nitong bigla ang kahel na gown at natambad ang seksi nitong pigura na hapit na hapit sa itim nitong leather costume na may malalaking tinik na kawangis ng sa cactus.

Love Letters For A Prince - Autumn Castillo

Nag-enjoy siya at ang audience sa song and dance number na iyon.

3

Dear Prince,

Nakita na ba talaga kita? Sa train, ikaw iyon, hindi ba? Ikaw na ang matagal ko nang hinihintay, Prince rin ang pangalan niya. Tadhana ba iyon? Magkikita pa ba kami, tayo?

Siyanga pala, naikuwento ko na ba sa 'yo na sikat na talaga ang Starlight? May sikat na akong best friend, hindi talaga ako makapaniwala! Si Monty, natupad na ang pangarap niya. Kahapon, napanood ko 'yung guesting nila sa sikat na variety show, kaya nga hindi siya naka-attend sa graduation ko kahapon, pero okay lang naman, naiintindihan ko.

Hmm... magiging teacher na nga ba talaga ako? Naghahanda na ako para sa licensure exams. Kaya ko kaya? High school kasi ang tuturuan ko. Sabi ni Inay, mabuti daw kasi nagha-hire ng bago ngayon dito sa amin, may tatlong guro kasi na nag-resign at lumipad patungong Singapore.

Alam mo, may gumugulo sa isip ko. Hindi ka ba magagalit kung... kung hindi ikaw ang first

kiss ko...?

Sa pagkabigla sa sinulat ay kaagad niyang napunit ang papel. *Diyos ko! Pa'no ko nasulat 'yun?*

Aksidente lang naman iyon, sa katangahan ni Mia ay sabay silang lumanding ni Monty sa sahig. Una siyang bumagsak kasunod ng pagdagan sa kanya ng kaibigan, at hindi niya malaman kung bakit kailangang halos magdikit ang mga mukha nila nang ganoon kalapit na ilang millimeter na lang ang layo.

Sa pagpihit niya ng ulo, sabay ng pagpihit nito ay isa lang ang nangyari. Dumantay ang mga labi nito sa kanya!

Hindi niya malaman kung bakit tumigil ang pagtibok ng puso niya sa segundong iyon, at kung bakit naestatwa siya. Maging si Monty ay hindi makagalaw. At dahil parang maduduling siya sa pagtitig sa reaksiyon ng mga mata nito at dahil dama pa rin niya na nakadikit pa rin sa mga labi niya ang malambot na bibig nito, napapikit siya. Ngunit kaagad silang pinukaw ng pagkatok sa pinto.

Nang matapos ang concert, wala ni isa sa kanila ang nagtangkang balikan ang nangyari sa dressing room. Umakto silang parang walang nangyari. Tulad

rin noon.

Isa pa, hindi niya ma-imagine at ni hindi sumagi sa isip niya na maaari silang magkaroon ng espesyal na tinginan ni Monty. Para sa kanya, isa iyon sa mga napakaimposibleng bagay sa mundo.

Si Monty? Never!

Labing-walong taon na silang magkaibigan, at nakatanim na sa kanilang mga utak ang isang katotohanan—na best friends lamang sila. Na nagsimula isang araw noon...

“Okay, class, it’s time for your recess. You will continue your drawing later,” sambit ng guro sa buong klase.

“Yehey!” Nagpalakpakan ang mga batang may edad cinco hanggang seis.

Masayang inabot ng nakatirintas na bata ang kanyang bag na may disenyong Barbie. Inayos niya ang bag sa lamesa at inilabas ang nakabalot na sandwich at water jug na may lamang apple juice.

Bago pa man niya makagat ang sandwich na may palamang ham ay kaagad na nahablot iyon mula sa kamay niya.

“Botsie!” hintakot na tili ng batang si Mia. “Teacher! Si Botsie, o! Inagaw na naman ’yung sandwich ko!” Ngunit wala sa silid nila ang guro at iilang kaklase lang ang naroon dahil naglabasan ang iba sa waiting area kung saan naghihintay ang ilang mga magulang na dala ang baon ng mga ito. Nilapitan siya ng seatmate na si Heidi na nakakrus ang mga braso sa dibdib.

“Hoy, Botsie!” pandidilat nito sa kaklase.

Si Botsie ang pinakamagulo at pinakapatay-gutom sa klase nila, lagi itong nang-aagaw ng pagkain dahil wala itong dalang baon, patpatin at payat ngunit napakabruskong gumalaw; tabingi ang ilong nito at parang kuwago ang mga mata.

“Marami naman kayong pandesal, eh!” ingos nito na kinagat na ang sandwich. “May panaderya kayo!”

“Bibigyan naman kita, eh! Basta humingi ka lang...” Nanlumo siya nang makitang naubos na nito ang sandwich niya. Hindi na niya mapigilan ang pagtulo ng luha. Dinilaan siya ni Botsie at tumakbo ito palabas ng silid-aralan. Bigla itong natumba nang makasalubong ang bago nilang kaklase na si Raymond.

Sa nasagap nila, nakatira ito sa malaking bahay ng matatandang Montecillo, kasama ang ama nito at lola. Nasa Amerika raw ang ina nito at may restaurant

ang pamilya.

Pinandilatan ito ni Botsie at itinulak si Raymond bago makalabas ng pinto. Napakunot-noo lamang ang batang lalaki at mabilis na pinagpag ang puting uniform. Patuloy itong naglakad dala ang lunchbox nang mamataan sila ni Heidi. Itinuro siya nito.

“Ba’t siya umiiyak?”

“Inagaw kasi ni Botsie ang sandwich niya.” Nilingon siya ni Heidi. “Isusumbong natin pagbalik ni Teacher!” dagdag nitong may paghihimagsik sa boses.

“Gan’un ba?” Napatangu-tango si Raymond bago inilapag ang lunchbox sa lamesa niya at binuksan iyon. May kinuha ito roon at ipinatong sa kanyang mesa.

“Sandwich ’yan. Masarap ’yan, gawa ni Lola.” Matipid ang ngiting ipinukol nito sa kanya at lumakad na ito papunta sa sarili nitong desk.

Napalinga siya at kumaway rito. “Hoy! Huwag na!”

“Sige lang, sa ’yo na ’yan. Ayoko ng cheese, ibibigay ko sana ’yan kay Rose, pero absent siya.”

Hindi niya alam kung ano ang isasagot, kaya napangiti na lamang siya. Doon niya napagtantong crush ng bata ang kaklase nilang si Rose.

Tapos na ang klase. Nakaupo si Mia sa waiting shed at matamang pinagmasdan ang mga kaklaseng sinusundo na ng mga magulang. Kumaway siya kay Heidi na sinundo ng yaya nito.

Nagulat siya nang may biglang tumabi sa kanya. Si Raymond!

“Hello!” masiglang bati nito na ikinatulala niya.

“H-hello...” ngiti rin niya. Sa tingin niya ay mukhang mabait ito kahit maangas ang galaw. “May hinihintay ka?”

Tumango ang kausap. “Si Papa, ikaw?”

“Mama ko...” Nagkatinginan sila at parehong may ngiting sumilay sa mga mata nila. Dumaan ang labinlimang minuto at kapwa magkatabi pa rin sila. Nakinig siya sa pagmamayabang nito ukol sa laruan nitong helicopter na remote-controlled daw at lumilipad sa hangin.

“Ikaw, ano’ng laruan mo?” tanong nito.

“Si Barbie,” sagot niyang kumislap ang mga mata. “Regalo iyon ni Papa. Alam mo maganda siya, may damit siya, ’tapos may bahay rin siya. Higit sa lahat, may prinsipal siya. May drawing nga ako dito sa bag, eh.” Na-excite ang batang si Mia at agarang binuksan

ang backpack, ipapakita niya sa bagong kaibigan ang drawing niya ng prinsesa at prinsipe. “Si Barbie at kanyang prince, Ken ang pangalan nito. Tingnan mo!” Iwinagayway niya sa hangin ang kapisasong coupon bond na mula sa bag.

Naglaho ang ngiti niya nang hablutin ng katabi ang kapisasong coupon bond, sinuri ng maliliit na matang iyon ang drawing niya. Nagdilim ang paningin niya nang may banggitin ito.

“Di ba ang prinsipe, palaka?” suwabeng usal nito.

“Palaka?” angil niya. “Akin na nga ’yan! Pa’no naging palaka ang prinsipe?” Naiinis na binawi niya ang drawing.

“Oo!” nanghihikayat ang boses na sabi nito. “Palaka talaga! Kagabi, sa storybook ni Lola, may prinsesa at may palaka... nag-kiss nga sila.”

Nagtayuan ang balahibo niya sa narinig. Napatayo siya. “Kilala mo ba si Cinderella?” Nakita niya ang nakamaang na reaksiyon ng batang lalaki at alam niyang doon na magtatapos ang maikli nilang pagkakaibigan. Nabigla siya nang lumipad ang hawak niyang coupon bond.

Napatili siya nang dalhin iyon ng hangin sa asfaltong daan. Mabilis siyang kumilos at hindi na

napansin ang rumaragasang kotse sa daan nang takbuhin niya ang coupon bond na iyon. Narinig niya ang mabilis na tumatakbong mga yabag ng batang lalaki na sumunod sa kanya. Nagulat na lamang siya sa malakas na puwersang tumulak sa kanya, napaluhod siya at inabot ng kamay ang kapisasong drawing.

Napalingon siya sa likuran. Dala ng pagpukaw ng tunog ng pagpreno ng kotse, nakita niya ang nakahandusay na pigura ni Raymond. Sa gulat, nabitiwan niya ang kapisasong papel na hawak. Mabilis na muling nilipad iyon ng hangin.

Simula noon, kahit gaano ito kaasungot, naging mabait na siya rito.

Marahang idinantay ni Prince ang hintuturo sa isang key ng grand piano na nasa gitna ng malawak na espasyo ng silid. Itinaas niya ang kaliwang kamay at idiniin ng hintuturo ang isa pang key. Hindi niya itinuon ang pansin sa music sheet na nakapatong sa ibabaw ng piano. May kung anong naalala siya sa tunog na nalikha.

“Blue moon, you saw me standing alone... Without a dream in my heart...Without a love of my own...” mahinang pag-awit niya.

Lumang kanta na iyon, awitin ni Frank Sinatra. Sa pagsaliw ng tunog sa hangin, umabot iyon sa linyang, *“You heard me saying a prayer for someone I really could care for, and then there suddenly appeared before me...”*

Animo mabilis na lumitaw sa isipan niya ang mukhang iyon ng isang estranghera sa *MRT*. Natigil ang pagtugtog niya ng piano, napatingin siya sa malaking glass window na tanaw ang buong siyudad ng Maynila. May gustong lumabas sa dila niya na hindi niya maarok. Nalimutan na niya ang pangalan ng babaeng iyon.

“Mara? Mae?” Hinalungkat ng isip niya ang isang pangalan.

“I know I could find you here...” Isang malamyos na boses ang pumukaw sa kanya. Nang lumingon siya ay tumambad sa kanyang paningin ang isang babaeng nakasuot ng isang itim na crocheted halter dress na nagpatingkad sa kulay gatas na kutis nito. Isang pares ng *Prada* suede platform pumps ang itinerno nito sa damit at inilugay lamang ang mahaba nitong buhok na may highlights upang magmukhang kulay mais, isang kulay na bagay sa pangalan nito: Summer.

Napatiim-bagang siya at nagbago ang kislap ng mga mata. Naglaho ang ngiti sa mga labi ni Prince.

Natawa lamang ito, walang pag-aalinlangang naupo sa tabi niya at patudyong pinindot ang keys ng piano. Maagap niyang naabot ang daliri nito upang pigilan ito sa pagtugtog.

“What the...?” Pasimangot nitong binawi ang kamay, maarteng ikinibot ang mapupulang labi.

“Bakit ka nandito?” asik niya na tinutukoy ang presence nito sa music room.

Natawa lamang ang babae. “Nakalimutan mo na bang talent ako ng kompanya n’yo? Your father is making millions out of me.”

“I can see that you’re the Summer Dominguez they’re all raving about, but I don’t care. Hindi ka dapat basta-basta na lamang pumapasok sa mga pribadong silid dito sa kompanya...”

Parang walang narinig ang kausap sa sinasabi niya. “I heard you’re assigned to compose a song for a new romantic flick, kaya huwag ka nang magtanong kung paano ko nakuha ang impormasyon. But I might as well damn tell you that I might be singing your song.”

“That’s the buzz, you’re the current star in the business. But I will see to it that you’ll not be singing my song.” Napatayo siya at inabot ang music sheets.

Nakita niya ang pag-apoy na iyon sa mga mata ni Summer.

Hindi na niya muling nilingon pa ang babaeng iniwan niyang nakaupo sa piano stool. Bago pa man niya maisarado ang pinto ng music room, nahagip ng kanyang pandinig ang mahinang pagpapatuloy nito sa kanyang awiting tinugtog kanina. Hindi kasinglinis iyon gaya ng pagkakatipa niya, ngunit alam niya ang linyang iyon.

“Without a dream in my heart... Without a love of my own, blue moon...”

Nakakadalawang missed calls na si Mia sa cellphone niya. Nagtaka si Monty kung bakit kino-contact ulit siya nito. Tumawag ang dalaga sa kanya kanina, kino-congratulate siya. Nakita raw nito ang guesting ng banda nila sa isang noontime show. Nagpasalamat siya sa kaibigan. Ang kuwento nito sa kanya ay puspusan na ito sa pag-review para sa licensure exams for teachers. Ngunit madalian na niyang nai-cancel ang tawag nang makapasok sila ni Rob sa condo unit na iyon. Ang tanging alibi sa kanya ng kaibigan ay imbitado sila sa isang relaxing place daw na tiyak magugustuhan niya.

Natambad sa kanila ang animo isang private party, halos kababaihan lahat ang naroon, may iilan lamang kalalakihan. Hindi pa sila tuluyang nakakapasok sa loob ay kaagad nang may sumalubong kay Rob na babae.

Natawa ang lalaki nang may ibinulong ito at iginiya na sila sa gitna. “Ladies and gentlemen, Rob and Raymond are here. You know them, right?”

Napatango ang halos lahat ng bisita at iilang babae ang napatutop ng bibig at kiming napakaway sa kanila ni Rob. Hindi maiwasang mapakamot ng batok si Monty sa atensyon na nakukuha nila ngayon sa female species. Inilayo na ng babaeng iyon si Rob mula sa gilid niya at malokong napangisi na lamang ang kaibigan sa kanya.

Napatango siya at in-enjoy ang mapang-akit na mga titig na nakukuha mula sa nakapaligid sa kanya. He might as well enjoy, like Rob said. Nabuhay ang libido niya at marahan niyang isinuklay ang kamay sa buhok.

“Martini, want some?” Parang kuting ang tinig nito, it was almost a purr. Bagay na bagay ang boses ng estranghera sa mukha nito, tila ito isang kuting sa malalalim na mata nito na nakatago sa mahahabang eyelashes. Tanya niya ay matured na ang babae.

“Hi! What’s your name?” ngiti niya.

“No, ask me what do I do.” mapang-akit nitong tugon.